



Mga Madalas Itanong:

Sino-sino ang mga benepisyaryo ng DILG-administered Package of Assistance?

- Lahat ng mga **Former Rebels (FRs)** na dating miyembro ng **New People's Army at Militia ng Bayan** na sumuko mula Ika-3 ng Abril 2018.
- Lahat ng mga **Former Violent Extremists (FVEs)** na dating miyembro ng **Abu Sayyaf Group, Maute Group, Dawlah Islamiya, Bangsamoro Islamic Freedom Fighter, Turaife Group,** at iba pang violent extremist groups na sumuko mula Ika-1 ng Hulyo 2016

Ano ang Joint AFP-PNP Intelligence Committee Certification at mga batayan nito?

Ang JAPIC Certification ay ibinibigay sa mga rebelde na sumuko sa loob ng cut-off date na nakasaad sa Periodic Status Report of Threat Group o PSR-TG list ng taong 2018. Kung sila ay hindi kasama sa PSR-TG list ng taong 2018, maaari pa rin mapabilang ang dating rebelde o FVE sa programa basta mapatunayan na siya ay naging miyembro ng samahan bago mag Disyembre 31, 2018, batay sa assessment at desisyon ng local ECLIP Committee.

Maaari ba kaming makipag-ugnayan sa DILG-Central Office at Field Offices upang makapag-organisa ng seminar/ orientation patungkol sa ECLIP at DILG-administered Package of Assistance?

OPO! Marapat lamang na kami ay lapitan gamit ang aming opisyal na email address: dilgnbooeclippmo@gmail.com at padalhan kami ng sulat na humihiling na mag-organisa ng ganitong aktibidad.

PARA SA KARAGDAGANG KATANUNGAN, MAKIPAG UGNAYAN SA MGA SUMUSUNOD:



Ika-24 na Palapag DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, West Triangle, Lungsod Quezon.



8876-3454 local 4402/4406



dilgnbooeclippmo@gmail.com



www.facebook.com/nboo2015

SANGGUNIAN:

<https://qr.go.page.link/atHq6>



ENHANCED COMPREHENSIVE LOCAL INTEGRATION PROGRAM (ECLIP)

AT ANG DILG-ADMINISTERED PACKAGE OF ASSISTANCE

Handog ng Pambansang Tanggapan ng Operasyong Pambarangay-Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal

Matino. Mahusay. Maaasahan

MENSAHE MULA SA DILG



“Kahit sa gitna ng pandemya, hindi tumigil ang pamahalaan sa pagyakag sa ating mga kapatid na naligaw ng landas na talikuran na ang kanilang maling ideolohiya at magbagong-buhay. Patunay lamang ito ng tunay na pagmamalasakit at busilak na pagnanais ng pamahalaan na magkaroon ng kapayapaan.”

- Eduardo M. Año

Kalihim, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal



“The program was renamed National Program for Unification and Development in 1994 and was expanded in the year 2000. The OPAPP in 2007-2010 facilitated the Social Integration Program in 2007-2010. It was later called Comprehensive Local Integration Program. The program was later transferred to DILG through DILG-OPAPP JMC No. 2014-01. It was further called ECLIP and presently the entire program is referred to as ECLIP and Amnesty Program under the Executive Order 70.”

-Dennis D. Villaseñor, MNSA, CESO IV,

Direktor IV, Pambansang Tanggapan ng Operasyong Pambarangay

ANO ANG ECLIP?

isang komprehensibo at magkaka-akibat na programa ng pamahalaang nasyonal na ipinatutupad sa mga pamayanan para sa mga dating rebelde. Ito ay naglalayong tugunan ang mga pangangailangan ng mga dating rebelde sa proseso ng kanilang pagbabalik-loob sa pamahalaan at sa pamayanan katulad ng mga serbisyong panlipunan, pangkabuhayan, at maging sikolohikal.

Pinagtibay ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte, noong ika-4 ng Disyembre, 2018, ang paghahangad ng pamahalaan at ng taong-bayan na makamit ang makabuluhan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng paglagda sa [Atas Tagapagpaganap Blg. 70](#) na bumabalangkas sa istratohiyang tinatawag na “Whole of Nation” approach. Ang pamamaraang ito ay inaasahang tutugon sa mga ugat nang pag-aalsa, kaguluhan, at tensyon sa pamamagitan ng sama-samang pagbibigay mga basehang serbisyo at aktibong partisipasyon ng mga pangunahing Kagawaran at Tanggapan ng pamahalaan kasama ang mga iba pang sektor ng lipunan tungo sa pagkamit ng adyandang pangkapayapaan ng bansa.

Ang DILG-administered Package of Assistance



Livelihood Assistance

Php 15, 000 (Regular NPA, MB, at FVEs)



Immediate Assistance

Php 50, 000 (Regular NPA at FVEs)



Firearms Remuneration

Doble ng karampatang presyo (Regular NPA, MB, at FVEs)

Tandaan: Ang mga alituntunin sa pagsusuri ng mga baril sa pag-turn-in ay dapat matugunan.



Reintegration Assistance

Php 21, 000 (Para sa Receiving Unit ng Regular NPA, MB, at FVEs)



Halfway House

Php 5, 000, 000 pondo para sa konstruksyon ng halfway house para sa dating rebelede at FVEs.

ANO ANG MGA DOKUMENTONG KAILANGAN UPANG MAKAMIT ANG TULONG NG DILG?

Para sa Immediate at Livelihood Assistance:

- JAPIC Certification; at
- ECLIP Enrolment Form.

Para sa Firearms Remuneration:

- JAPIC Certification;
- ECLIP Enrolment Form;
- Property Turn-In Slip (PTIS);
- Technical Inspection Report (TIR); at
- Cost Valuation Certificate;

Para sa Reintegration Assistance:

- JAPIC Certification;
- ECLIP Enrolment Form; at
- Opisyal na mga resibo.

Para sa Pagpapatayo ng Halfway House:

- Kasulatan mula sa LGU/ Receiving Unit;
- Proof of Land Ownership;
- Program of Works;
- Sanggunian Resolution (LGU) na nagbibigay ng awtoridad sa LCE/awtoridad mula sa Principal (Receiving Unit); at
- Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng LCE at ng LGU.